

1

“Mandy, alam ko’ng tumatakbo diyan sa isip mo,” pakli ni Stephen nang hindi kumibo ang dalaga nang ipaalala nito ang oras ng selebrasyon ng first birthday ng anak nitong si Serena Joy. Kalalabas lang niya mula sa university na pinagtuturuan. Tumawag ang lalaki sa kanya at sinabing ililibre siya ng dinner. Kaso, gutom na siya masyado para maghanap pa ng mamahaling restaurant na kakainan, kaya nauwi na lang sila sa *Jollibee* sa tapat ng universidad.

Si Stephen ay kinakapatid niya at the same time ay best friend. Lumaki sila sa iisang village at itinuturing na ito ni Mandy na older brother. Naging mas malapit pa siya rito nang napangasawa nito ang maternal cousin niyang si Carla. Officially member na ng kanyang pamilya ang lalaki.

“You can’t miss the birthday party nang dahil lamang sa may iniwasan kang tao doon,” dagdag pa nito.

Napasimangot siya. “Kung bakit kasi kinuha-kuha mo pang ninong ang kapreng iyon noon, eh!” Parang nawalan na yata siya ng ganang ipagpatuloy pa ang pagkain.

“It’s been three years already, Mandy. Dapat naka-move on ka na.”

“Sino’ng nagsabing hindi ako naka-move on?” may himig-pagmamalaking nasabi niya.

Tumaas ang kilay nito. “Well, bakit wala akong nakikitang ka-date mo?” ganti nito.

“Sa wala akong mapili sa mga nanliligaw sa akin, eh.” *Yeah, right!* Sino ba naman ang nanliligaw sa kanya at this point? Wala with a capital W! Actually, iyong Math professor, nagpapalipad-hangin sa kanya kaso hindi niya pinapansin. Sorry, hindi niya yata type ang nakasalamin nang makapal, nakapomada ang buhok at nakasuot ng suspenders kapag nagtuturo! Isa pa, wala siyang panahong pag-ukulan ang pakikipag-date. As in wala siyang social life.

At paano naman siya magkakaroon ng social life sa gitna ng pagtuturo? Full-load si Mandy sa pagiging History professor. Ni hindi nga niya matuloy-tuloy ang pagkuha ng doctorate degree dahil sa schedule niya. No wonder madaming mga guro ang tumatandang dalaga sa kanilang mga propesyon.

Buti na lang at hindi naman siya mukhang old maid, di gaya ng karamihan sa mga babaeng professors sa university. Sa mga outfits na isinusuot

niya, she looked more of a young executive sa mga opisina sa Makati kaysa isang propesora.

“Kinakamusta ka pala niya,” pakli ni Stephen.

“Nino?” patay-malisyang tanong ni Mandy.

“Ni Zach,” sagot nito habang pinagmamasdan siya kung ano ang magiging reaction niya.

Naningkit ang mga mata niya. Just hearing his name was enough to stir up mixed emotions deep inside her.

Zach was her ex-boyfriend. “Mandy—”

“I don’t wanna talk about some maligno while I’m eating, Steph. Ayokong mausog ako’t tuluyang masira ang appetite!” Paborito pa naman niya ang fried chicken ng *Jollibee*.

Tumahimik na si Stephen. Ganoon ito lagi sa kanya; mabait, caring at ini-spoil siyang parang younger sister. At nasanay na siya sa pag-aalaga nitong iyon. Pero unti-unti rin niyang napagtanto na siyempre, hindi panghabang-buhay na nandito sa tabi niya ang kinakapatid. So as she traveled through adulthood, pilit niyang pinag-aralan unti-unti kung paano ang maging independent, ang mag-isa at hindi umasa sa iba.

Pag-uwi niya ng bahay nang gabing iyon ay nadatnan niyang nakaupo sa sofa ang kanyang mommy, tutop ang noo at namumutla. “My, okay lang kayo?” worried niyang tanong, sabay upo sa tabi nito.

“Aayos lang ako, anak. Nahihilo lang ako pagkagaling sa doktor.” Parang ang liit-liit ng boses ni Mrs. Angelita Estabillo.

“Galing kayo sa doktor? Ano ba’ng nangyari? Bakit di n’yo ako tinawagan para nasamahan ko naman kayo?” sunod-sunod niyang tanong. Parang lumalala na yata ang pagtaas-taas ng presyon ng kanyang ina. Buti na lang at napilit niya itong magretiro na sa pagtuturo nong nakaraang taon. Hindi na nito kaya ang matinding stress.

“Amanda, hindi pa ako imbalido, kaya ko pang magpa-checkup nang mag-isa.”

“Kung bakit ba kasi iisa lang ang naging anak n’yo ni Daddy, eh. Kung may mga kapatid lang sana ako, madami kaming mag-aalaga sa inyo.”

Tumawa ito. “Eh, di matagal na akong namatay sa konsumisyon kung di lang iisa ang naging mahadera kong anak?”

“Mommy naman, eh!” Umakbay siya rito at inihilig ang ulo sa balikat nito. “Sana nag-asawa na

lang kayo ulit. Hindi naman sasama ang loob ko kung saka-sakali. Para hindi na lang ako ang mag-isang kasama n'yo sa buhay.”

“Hindi ko kayang palitan sa puso ko ang daddy mo, Anak.” Lumungkot ang boses nito. “Nami-miss ko na siya nang husto.”

Yumakap na si Mandy sa biyuda. “Huwag na kayong malungkot. Someday, magkakasama tayong lahat ni Daddy.”

“Kelan ka ba kasi mag-aasawa, Amanda? Aba’y hindi ka na bumabata, anak. Baka hindi ko na makita ang mga apo ko sa ‘yo na dalangin ko sana’y huwag magmana sa pagkamahadera mo.”

Tumawa siya. “Parang hindi yata para sa akin ang pag-aasawa, Mommy, eh.” She always thought she never needed anybody in her journey. No wonder hindi sila nagtagal ng unang naging boyfriend niya. He just couldn’t handle her. “Kung bakit kasi pinakawalan mo si Zach noon, eh!” parang paninisi pa nito.

That Zach again! “Mommy!” Kumalas siya mula sa pagkakayakap dito. “Pagtatalunan na naman ba natin ito?” Tumayo na siya. Nakakainis! Akala ni Mandy ay lusot na siya sa issue na ito. Ang mas nakakainis pa,

parang kasalanan pa niya kung bakit sila naghiwalay ng lalaking iyon! Well, siya nga ang nakipag-break dito, pero naging mautak lang naman siya. Nang sa palagay niya wala nang pupuntahan pa ang relasyon nila, inunahan na niya ito sa pakikipagkalas. Kaysa siya naman ang lalabas na talunan kung ito pa mismo ang mag-drop ng bomb gaya ng ginawa nito sa naunang girlfriend nito noon. Ano siya, tanga?

Hay! Kung bakit ba siya nakipagrelasyon sa lalaking iyon! Ni hindi maganda ang unang meeting nila sa isang branch ng *Prime Videos*, kung saan siya nagtrabaho bilang customer assistant noong hindi pa siya nagtuturo. Ang ate ni Zach ang may-ari ng mga chains at isang summer vacation ay napagkatuwaan nitong magtrabaho rin doon bilang customer assistant. At isang araw, nadulas ito sa hagdanan at nadaganan siya nang bonggang-bongga. Memorable na unang pagkikita!

At ni wala palang courtship na naganap. Isang buwan pa lamang silang nagkakilala, hindi alam ng dalaga kung paano sila nagka-develop-an. She drove him away at hindi ito nagpakita sa kanya sa loob ng halos isang taon at pagbalik nito ay nagtapat ito ng pag-ibig at ayun, naging sila na. It was a whirlwind romance. She should've taken some ample time to know him better bago siya pumasok sa isang relasyon

kasama nito.

Madaming bagay ang hindi nila napagkakasunduan ni Zach. So, iyon! Nang mapag-isip niyang hindi magwo-work out ang relasyon nila ay humingi siya ng cool-off mula rito. She wanted some space, to be left alone. Walang istorbo, walang nangingialam, wala siyang katalo tungkol sa mga issues sa lipunan. Cool-off. Then she was ready to give them a chance again. Hindi niya maitatangi sa sariling na-miss din niya kahit paano ang presence ni Zach sa buhay niya all those weeks na magkahiwalay sila nito. Pero aakalain ba niyang makita niya itong may kasamang babaeng lumabas mula sa isang flower shop? May hawak na bouquet ng red roses ang babae at tumuloy ang mga ito sa isang restaurant sa tapat ng flower shop—isang mamahaling restaurant. At kitang-kita niya mula sa labas ng glass window ang masayang pag-uusap ng mga ito.

Nang komprontahin niya ang binata kung sino ang babaeng iyon, natuklasan niyang iyon pala ang first girlfriend nito noon, si Pamela. Itinanggi nitong may namamagitan muli rito at sa babaeng iyon pero siyempre, hindi niya iyon pinaniwalaan. Right there and then, nakipag-formal break-up siya kay Zach.

And the rest was history.

Sumagap si Zach ng sariwang hangin paglabas sa detention center kung saan may kinausap siyang bagong kliyente. Ginulo niya ang buhok na maayos ang pagkakasuklay sa tulong ng nilagay niyang light wax. Sinuklay ng mga daliri niya pataas ang buhok, making it looked spikey and wild, the way he always wanted his hair to be.

This is it. Ang biggest break ever ng kanyang career. Sa paghawak niya sa kasong ito ay umaasa siyang hindi na siya tatanggap ng anumang doubts and worries galing sa mga ibang tao ukol sa pagpapatakbo niya ng *Mendrano and Associates*, ang law firm na ipinamahala sa kanya ng lola niya. Isang sikat at magaling na abogada ang kanyang abuela noong nabubuhay pa ito, a feminist and a human rights activist.

Or it could be the opposite. Parang nakikini-kinita na niya ang violent reactions ng ibang tao ukol sa issue na ito. Maselan ang kasong hahawakan niya.

Trial by publicity. Iyon ang tiyak na kalalabasan ng rape case against Congressman Dustin Escueta. At napaka-intimidating din ng magaling at sikat na abogada ng kabilang panig.

Ibigin Mong Muli - Yumi Sagara

Pero nanumpa siyang ipaglalaban ang katotohanan at bigyan ng hustisya ang naaapi. At sa tingin niya, ang congressman ang biktima sa kasong ito. Na kabaligtaran naman sa tingin ng karamihan sa mga tao. Well, maano ba? He was his own person. Alam niya ang tama sa mali. At paninindigan niya ang desisyon niyang ito kahit ano pa man ang kalalabasan.

Pasakay na siya sa kanyang *Acura MDX* nang mahagip ng mga mata niya ang isang malaking movie billboard. Bagong pelikula ni Matt Damon.

Napangiti siya. May kilala siyang matindi ang pagkagusto sa Hollywood star na ito. A very special girl who touched his life in the most special way...

Sadly, wala na ito sa buhay niya.

2

Kanina pa nakaharap sa salamin si Mandy, hindi alam kung buburahin ang nilagay na light makeup sa mukha. Nakailang palit na rin siya ng outfit.

Big deal! bulalas niya sa loob-loob. Nagsuot na lang siya ng skinny jeans at gray baby tee.

Bakit ba siya natataranta sa pag-aayos sa sarili, children's birthday party lang naman ang pupuntahan niya?

Dahil ba dadalo rin si Zach? Hah! Buti naman at hindi nito inindyan ang birthday ni Serena Joy. Noon kasi ay hindi ito naka-attend sa binyag ng bata, ipinalista na lang nito ang pangalan.

So what kung magpapakita siya ngayon?

Bitbit ang regalo ay mabilis siyang naglakad patungo sa bahay ni Stephen. At bago pa siya nakapasok sa bakuran, isang mamahaling silver SUV ang pumarada sa tapat.

Bumaba ang isang matangkad na lalaki mula sa sasakyan. Nakasuot ito ng dark beige slacks at dark green long-sleeved polo. May hawak itong malaking

giftbag.

It was Zach. Hindi napigil ni Mandy ang pagtambol ng dibdib.

Damn it! Bakit ganito pa rin ang epekto sa kanya ng lalaki after all those years?

It's over. Right? *Wala kang paninindigan, Maria Amanda Estabillo!*

Binuksan ni Zach ang pinto ng passenger seat. Iniluwa niya ang isang pamilyar na babae. Ang tambol sa kanyang dibdib ay napalitan ng blade na humihiwa na ngayon sa puso niya.

Hinintay niyang makapasok ang mga ito sa bakuran bago siya taas-noong nag-grand entrance. Ang birthday celebrant ang kaagad na nilapitan niya. Umiiyak itong kalong ni Carla. Kinuha niya ang bata mula sa ina at inilayo sa mga tao.

“Tama na, baby,” pang-aalo niya. Tumigil naman ito sa pag-iyak at iniyakap pa ang mga munting kamay sa leeg niya.

Napangiti siya. Serena Joy seemed to always adore her. Palaging natutuwa sa kanya ang bata.

Hindi niya alam na may maternal instinct pala siya until this baby came into her life. “Bagay pala sa

‘yo ang nakahawak ng baby.’”

Napaigtad siya sa nagsalitang iyon galing sa likuran niya.

“Ang cute n’yong tingnan ng pamangkin mo.”

Naniningkit ang mga matang humarap siya sa taong iyon. Tumingala siya sa mukha nito.

It was the same bright eyes and sensual lips...

“Lumayo ka nga sa amin, baka mausog mo ang bata!” angil niya sa lalaki. “Kapre!” Nakatuwaan niya itong tawaging ‘kapre’ noon dahil sa taas nitong lampas six feet.

Tumawa si Zach.

God, how she missed that laugh! At nakatingin ito sa kanyang leeg na naka-expose sa pagkakatali ng kanyang buhok. He always loved kissing her in the neck...

Nagpakahinahon siya. Hindi na siya dapat naapektuhan ng charm ng kapreng ito. Never again!

Tumingin siya sa kumpulan ng mga tao; nandoon ang babaeng kasama ni Zach, parang masama ang tingin sa kanya. Inirapan naman niya ito. “Totoo pala ang tsismis,” di niya napigil na nasabi. “Todo-deny

ka pa noon.”

“Mandy, ilang beses ko bang sasabihin sa ‘yo, wala kaming relasyon ni Pam.”

Tumaas ang kilay niya. “Eh, bakit kasama mo siya ngayon?”

“Well, may imi-meet kaming client ngayon at napaaga ang dating niya. So I just decided na isama ko na muna siya dito bago ang appointment namin.”

Kumunot ang noo niya.

“Oh, she’s one of my associates now.” Lumapit pa ito sa kanya. “Mandy, bakit ba ayaw mo akong paniwalaan noon?”

Ilang beses ding nagtangkang magpaliwanag ang binata sa kanya, ngunit hindi niya ito pinakinggan. She was too blinded because of extreme jealousy! And why not? Sa nakita niyang hitsura ni Pamela ay mukha itong celebrity sa ganda. She was tall and sexy. Okay, mababaw nga sigurong dahilan iyon para magselos siya. Pero Diyos ko naman! Ano ang magagawa niya? Unang beses niya noong pumasok sa isang relasyon, unang beses din siyang nagmahal. Siya pa naman ang uri ng taong mahirap mag-adjust. Pinigil niya ang pagtaas ng boses, ayaw niyang magulat si Serena Joy at umiyak ulit. “Dahil iba ang

nakita ng mga mata ko.”

“Mali ang nakita mo,” giit nito.

“Zach, bakit ba tayo nagtatalo ngayon? I mean, seriously? Tapos na ang lahat sa atin. O, ayaw lang bang matanggap ng ego mo na ako ang unang nakipag-break sa ‘yo?’”

Napailing ito. “You’re just too impossible,” mahinang sabi nito.

“Tara na, baby,” pagkausap niya kay Serena Joy na kampante lamang habang karga-karga niya. Naglakad siya palayo sa lalaki. “Puwera usog!”

Hindi niya mapigilang mapaismid nang mamataan si Zach na papalapit na kay Pamela na todo-ngiti naman sa lalaki.

Associate lang pala, ha? Bakit matamis ang ngitian ng mga ito?

Madaming pagkain ang nakahain sa buffet table sa lawn ng bahay nina Stephen at Carla, ngunit sira ang appetite ni Mandy. Mula sa kanyang kinauupuan, tanaw na tanaw niya ang mesa nina Zach at Pam na masayang nagsasalo sa pagkain.

Mabulunan sana kayo, wish ko lang!

Umuwi na lang kaya siya at magbukas ng sardinas bilang lunch?

Ngunit ano ba ang ipinagpuputok ng butse niya?

Nagseselos ba siya?

Hindi, ah! violent reaction ng brain niya.

Naiinis lamang si Mandy dahil parang ipinaparada pa ni Zach sa kanyang harapan ang dahilan ng pakikipagkalas niya rito.

Padarag siyang tumayo at nagtungo sa buffet table kung saan naroroon ang punch bowl. Pinuno niya ng inumin ang tasa niya. Pagpihit niya ay isang malapad na dibdib ang bumangga sa kanya. Tumapon ang kahel na likido sa kanyang t-shirt. “Damn it!”

“I’m sorry, Mandy!”

Tumingala siya sa nakabanggaan niya. “Why am I not surprised?” sarkastikong sabi niya rito. “Hindi ka pa rin nagbabago. Clumsy ka pa rin hanggang ngayon!” That, o tama ang theory niya noon na masyado lang siyang maliit sa paningin ni Zach kaya lagi siya nitong nadidisgrasya. Nabagsakan na siya nito ng pinto noon sa *Prime Videos*. Inilapag niya ang tasa sa mesa at mabilis na naglakad palabas sa bakuran ng kinakapatid. Uuwi na siya. Sardinas na

kung sardinas ang pananghalian niya!

Ngunit nakasunod pala si Zach sa kanya. “Mandy, let’s talk,” pakiusap nito.

“Lubayan mo nga ako! Talaga bang hindi ka titigil hangga’t di mo naaapakan ang bumbunan ko?”

Mabilis itong humarang sa harapan niya. Hinawakan siya nito sa kamay. “Mandy, you could at least stop being mad at me,” mababa ang tonong sabi nito. “Wala akong ginawang masama, ilang beses ko nang sinabi iyon sa ‘yo noon.”

Binawi niya ang kamay. “You gave me a guarantee that you would never break my heart, Zacharias,” puno ng hinanakit na sumbat niya.

“I didn’t!” mariing tanggi nito. “You just assumed that I did!”

“Yeah, right!” Humakbang siya palayo rito.

“And you promised me you would be a good girlfriend.”

She stopped. Parang isang punyal na tumarak sa puso niya ang sinabing iyon ng binata. “Eh, di lumabas din ang totoo,” mababa ngunit may diing sabi niya. “Well, sorry I disappointed you, Attorney. Sa ganito na ako ipinanganak, eh. Pasensya na’t hindi

pala ako naging mabuting nobya sa ‘yo noon.” Muli siyang naglakad, mas mabilis.

“Amanda!” habol uli ito. “I’m sorry. Hindi iyon ang gusto kong sabihin.”

“I wasn’t good enough for you kaya ka bumalik kay Pam!”

“You know that’s not true!” bulalas nito.

“Sana nagkaroon ka man lang ng guts na sabihin sa akin iyon noon para nadispatsa na kita nang mas maaga.”

“Mandy, please... I didn’t mean it that way,” anito sa tono na mahihimigan ang desperation.

“Get away from me or else, matitikman mo ang suwelas ng sapatos ko!” banta niya.

Natakot naman yata niya ang kapre at hindi na ito sumunod papasok sa bakuran nila.

Ang tigas yata ng suwelas ng *Chuck Taylor* niya!

Shit na kapreng iyon! Siya talaga ang sinisi sa break-up nila! Hindi raw siya naging mabuting girlfriend?

Aba, gaya ng madalas sabihin ng mga kalahok sa mga reality shows, ibinigay naman niya ang best

niya, ah. She tried to be understanding, to be patient. Ang hirap kayang maka-boyfriend ng isang abogado! Lagi itong may kausap na kliyente. At imbis na kasama niya itong manood ng sine, mas madalas sa courtrooms ang date nila nito.

Kung bakit at paano ba siya na-in love sa kapreng iyon! Kung paano siya na-develop dito nang ganoon kabilis. She couldn't remember it anymore.

“O, may inaway ka na namang estudyante mo?” bati ni Mrs. Estabillo isang hapong umuwi ang anak na sambakol ang pagmumukha.

Ibinagsak ni Mandy ang dalang laptop case sa sofa. “Ewan ko ba sa mga iyon! Spoonfeeding na nga ang ginagawa kong pagtuturo sa kanila, ang bababa pa rin ng mga nakukuha sa quizzes!” Sunod niyang ibinagsak ang pang-upo. “Dapat noon pa pinatindi ng *DOH* ang kampanya para sa breastfeeding at paggamit ng iodized salt para umasenso naman kahit konti ang mga utak ng mga kabataan ngayon!” nasabi niya in exasperation.

Hindi na yata niya mapapanindigan ang pagtuturo! Akala niya ay madali na lang ang lahat nang makakuha siya ng masteral degree and from

high school ay sa universidad na siya magtuturo. Pero ganoon pa rin pala. Pahirapan sa assimilation ng mga itinuturo niyang lessons. Ilang beses na rin siyang nagbago ng tactics, pero ganoon pa rin.

“Amanda, sometimes, dala-dala ng estudyante ang problema nila sa bahay hanggang sa loob ng classroom at nakakaapekto iyon nang malaki sa performance nila sa klase. Minsan, i-try mong kausapin sila isa-isa, tanungin kung ano ba ang lumiligalig sa kanila. Malay mo, baka makatulong ka pa.”

“Trabaho na ‘yun ng guidance counselor! At saka, ayokong magkaroon ng attachment sa mga estudyante ko, Mommy.”

“Dahil natatakot kang iwan ka nila pagdating ng araw? Pero, Amanda, ang buhay ay isang paglalakbay. Dumarating at umaalis talaga ang ibang mga tao sa mga buhay natin.”

Hindi siya umimik.

“Alam kong takot ka sa attachment kaya hindi ka nagkaroon ng malalapit na kaibigan liban kay Stephen na halos ipagdamot mo noon kay Carla.”

Nahihiya siya kapag naaalala niya iyon, kung paano siya naging possessive noon kay Stephen. Ano

ang magagawa niya? He was her only friend that gave her constant company. Ang ibang mga naging kaibigan niya noon, umalis na lahat at hindi man lang siya nilingon.

Pero naging maayos naman ang lahat sa pagitan nilang tatlo nina Stephen at Carla. Natanggap din niyang hindi niya pag-aari ang kinakapatid so she learned to let him go.

And for the second time, she was going to let go again. Nagbabalak nang pumunta ng Canada si Stephen, kasama sina Carla at Serena Joy. Kinukuha na sila ng parents ng lalaki na naka-migrate na roon.

“Kaya ganoon na lang din ang lungkot mo noong pumanaw si Lucky kasi kung kelan ka naging close sa kanya’y saka pa siya namatay.”

Si Lucky ang alaga nilang Siamese cat noon. Nasagasaan ito dalawang taon na ang nakalipas. Lagalag kasi masyado. At lekat, nami-miss na niya ang pusang iyon. Bumili kaya siya ng bagong alaga?

“Alam kong epekto rin ito ng pagkamatay noon ng ama mo, Amanda.”

Her father died when she was ten years old. He was a cargo ship captain at inatake ito sa puso habang sakay ng barko. Doon sila nagsimulang maging close

ni Stephen. Tumayo ito bilang older brother niya, laging nakaalalay sa kanya, nagbibigay, nagmamahal.

“Pero, anak, ganoon talaga ang mundo, eh. Ang kailangan mo lang gawin ay enjoy the moment na kasama mo ang mga mahal mo sa buhay. And so what kung darating ang araw na iiwan ka nila? Ang importante’y naipadama mong mahal mo sila kahit sa maikling panahon lamang.”

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan niya.

“Admit it, Amanda. Ayaw mong magmahal nang lubos dahil subconsciously ay natatakot kang maiwanan. Iyon din ang dahilan kung bakit ka kumalas sa nobyo mo noon.”

“My, ano’ng ulam?” pagbabago niya sa usapan.

Nailing na lang ang ina niya. “Sinigang na bangus.”

3

Something—or someone caught Mandy’s attention sa news flash sa TV isang gabing nanonood silang mag-ina ng *Pinoy Big Brother*.

Si Zach!

Mataman siyang nakinig sa balita. Ayon doon ay first hearing ng rape case versus Congressman Dustin Escueta at si Atty. Zacharias Mendrano ang abogado nito. Makikita sa video clip ang dami ng taong nagra-rally sa harapan ng building ng korte. May short interview rin sa rape victim na nakatago ang mukha.

Napatayo siya pagkatapos ng news flash. “I can’t believe this! Paano niya—God!” Kumumpas ang dalawang kamay niya. “How could he defend a rapist?”

“Hindi pa napapatunayan kung ginahasa nga talaga ni Congressman Escueta ang babaeng ‘yan.”

“Mommy naman! Sino bang matinong babae ang ilalagay ang sarili sa kahihyan para magpanggap na biktima ng rape? Saka ano’ng mabigat na motibo ni Lucy Reyes para magsinungaling? Ayon sa kanyang

background ay edukada siyang babae, galing sa middle-class family of professionals.”

“At bakit naman manggagahasa si Dustin? Tingnan mo naman siya, batang-bata at saksakan ng guwapo at yaman. Mga babae na mismo ang pipila para lang matikman ang katawang ‘yan!” humahagikgik na sabi ng biyuda.

Pinandilatan niya ito. “How can you say that, Mommy? Ginahasa rin ang pamangkin n’yo baka nakakalimutan n’yo na!”

Her cousin Carla was raped by her ex-boyfriend. Nabuntis pa ito noon ngunit sinawimpalad na makunan nang dahil sa road accident. Subalit hindi naging hadlang ang masalimuot na nakaraan nito upang hindi mahalin ni Stephen.

Anak din ng isang maimpluwensyang tao ang rapist noon ng pinsan. But justice prevailed. Nakulong ito. Noong nagdaang taon, nabalita na lang na nagpakamatay ito sa kulungan, nagbigti sa pamamagitan ng kumot. Nawala siguro sa katinuan dahil sa trato rito ng mga manyakis na kakosa nito.

Sumeryoso ang ina. “Amanda, you don’t have to remind me that. Ang sa akin lang, binibigyan ko ng benefit of the doubt si Dustin.”

“Hindi pa rin siya dapat ipagtanggol ni Atty. Mendrano.”

“O, kelan pa naging ganyan kapormal ang tawag mo kay Zach?”

Hindi niya sinagot ang tanong nito. Paanong naatim na ipagtanggol ni Zach ang rapist na congressman? Tinanggihan nga iyon ng mga sikat na abogado sa bansa, for crying out loud! Ganoon na ba kadesperado ang kapreng iyon para magkaroon lang ng malaking break sa career nito?

At ang associate nito kuno, parang ito pa ang proud na proud humarap sa camera! Kuntodo smile pa ang hitad samantalang si Zach ay matindi ang ginagawang pag-iwas sa mga interviews.

Parang ngayon lang niya natuklasan, hindi niya pala talaga kilala nang lubusan ang lalaking minsan niyang minahal.

“Lumaki ang chance nating manalo,” masayang palatak ni Pam nang pumasok ito sa opisina ni Zach. “May lumitaw na witness, isang roomboy na naghatid ng pagkain sa kuwartong tinuluyan nina Dustin at Lucy. Naabutan daw niyang nakaupo si Lucy sa kandungan ni Dustin at nakayakap pa ang dalawang

kamay nito sa leeg ng lalaki. And the best part, hindi pa lasing ang babae nang mga sandaling iyon. Ayon pa sa roomboy, si Lucy mismo ang nagbukas ng bote ng alak na hinatid niya doon kasama ang mga pagkain. So, kasinungalingan ang testimonya ni Lucy na nilasing ito ni Dustin,” paglalahad nito.

Ngumiti siya. Liban sa bakat ng mga kukong bumaon sa likod ni Dustin na lumitaw sa medical exam, may mas malaki na silang katunayan na hindi rape ang nangyari kundi sex with consent.

Hindi ang pagkalap ng ebidensya ang mahirap sa kasong hinahawakan ni Zach ngayon kundi ang katotohanang kalaban niya ang buong bayan. Pero wala siyang pakialam. Kailangang mangibabaw ang katotohanan at hustisya.

Umupo ang associate sa harapan ng mesa niya. “Hindi ko pa ito nasasabi sa ’yo, Zach, but I just want you to know that I’m so proud of you.”

“Thank you.”

Tumingin ito nang derecho sa kanya. “I was a fool to be overdemanding as your girlfriend before.”

Napakunot ang noo ng binata. Ngayon lang nag-open si Pam ng tungkol sa nakaraan nila. Mula nang tanggapin niya ito sa law firm last year ay purely

colleagues lang ang turingan nila sa isa't isa. "I'll admit, hindi ako gaanong nasaktan noong nakipag-break ka sa akin. I thought, ikaw ang nawalan. But now, you became the man I always wanted to be with."

"Pamela..." Ano ba ang puwede niyang sabihin? She was his very first girlfriend. Tandang-tanda niya ang trato nito sa kanya noon. She palpably made him feel that he was not good enough for her. Gusto yata nito noon ay mag-ala *Bruce Wayne* siya—mayaman, galante, matalino at superhero sa gabi! Well, ano ang magagawa niya? He was just simply... him! A simple guy with a simple dream in life. He just couldn't change like that for some girl na nagpapantasyang makatuluyan ang mga nababasang bida sa romance books. Kaya bago pa ito pakipagkalas sa kanya, inunahan na niya ito!

"I was extremely jealous when you were with Mandy. Pero mas tanga pala siya sa akin kasi pinakawalan ka niya."

"Hindi tanga si Mandy," pagtatanggol niya. "She was just stubborn and too independent. Likas lang kasi siyang tuso at matalino." Actually, matagal na niyang naiisip, puwedeng maging isang magaling na abogada si Maria Amanda Estabillo. Kahit baluktot na

katuwiran nito ay kaya nitong ipaglaban at ipalusot!

“Whatever!” medyo nakangiwing sabi nito. “Labas tayo after office hours?” pagkuwan ay yaya nito.

Umiling siya. “Sorry, pagod ako,” tanggi niya. May trauma na siya sa pagsama rito sa labas. Noong huling nangyari iyon, nakita sila ni Mandy at binigyan nito ng hindi magandang kulay ang nakita na naging sanhi ng pakikipagkalas nito sa kanya. Iyon na nga ang formal break-up nila after a few weeks of cool-off.

Dinalaw siya noon ni Pam sa opisina, ginawa siyang resource person nito sa isang research. Nasa Law proper na noon ang babae. Nang matapos ang meeting nila ay nagyaya itong lumabas bilang pasasalamat daw.

Hindi tinanggap ni Mandy ang paliwanag niyang si Pam ang bumili ng hawak nitong mga red roses. At ito rin ang nagbayad nang kumain sila sa mamahaling restaurant na iyon. And, yes, masaya nga silang nag-uusap noon ng dating nobya, nagtatawanan pa, to be exact. Paano bang hindi siya tatawa samantala topic nila ang mga movies ni Rowan Atkinson?

Dismayadong tumayo si Pam. “O-okay. I’ll see you tomorrow then.”

“Okay, Pamela.”

Why was she acting this way? Nagkakagusto ba uli ito sa kanya? What, so she realized what a dumb she was before to treat him like shit at ngayon ay nagsisisi na ito at gustong bumalik sa kanya? Bakit, ano ba ang nagbago sa kanya sa paglipas ng panahon? He was still the same old Zach. Nag-inat siya at inilapat ang likod sa sandalan ng kanyang swivel chair pagkasara ni Pam sa pinto.

Women!

Parang mas maganda nga yata kung single na lang siya parati. Walang hassles. Dalawang seryosong relasyon na ang napagdaanan niya at parehong sakit lamang ng ulo ang dulot ng mga iyon sa kanya.

May pagtataka sa dibdib na kumatok si Mandy sa kuwarto ng ina isang umaga. Dati-rati ay hindi pa sumisikat ang araw ay gising na ito. Magdidilig ito ng mga rosas nito sa hardin, pagkatapos ay magluluto ng breakfast.

“Mommy?” Nilakasan niya ang katok. Walang sumasagot.

Binuksan na niya ang pinto at lumapit siya sa

kama. Nakahiga pa rin doon si Angelita, pikit na pikit ang mga mata at nakapatong ang isang kamay sa kaliwang dibdib nito.

Lumukob sa kanya ang matinding kaba. Never pang hindi bumangon ang ina bago sumikat ang Haring Araw.

“My?” Niyugyog niya ito. Napatda siya; malamig ang katawan nito. “M-Mommy?” Pinanindigan siya ng balahibo at nanginig ang buo niyang katawan. “Bangon ka na diyan, ‘My.’” Niyugyog niya ito nang mas malakas. Ngunit matigas ang katawang hawak niya.

“M-Mommy, ano ba?” Tumulo ang luha niya, alam na niya ang nangyari ngunit ayaw niyang maniwala. “Bangon na sabi,” gumagaralgal ang tinig na pakiusap niya.

Ngunit hindi na nagdilal ng mga mata o gumalaw man lang ang kanyang ina.